# Isang Maikling Gabay sa Mga Patakaran sa Pag-empleo ng Mga Bata

**Sangay ng Pagsisiyasat sa Paggawa**
**Kagawaran ng Paggawa**
**Hong Kong**

A Concise Guide to the Employment of Children Regulations (Tagalog - Philippine version)

## Talaan ng mga Nilalaman


| | Pahina |
|---|---|
| Panimula …………………………………………………………………………........................ | 1 |
| Kahulugan ng “bata” ………………………….………………….......  ................ | 1 |
| Pangkalahatang pagbabawal sa pag-empleo ng mga bata……….................... | 1 |
| Pag-empleo ng mga bata na umabot na sa edad na 13 taong gulang at nakatapos ng ikatlong taon sa mataas na paaralan ……………...……………… | 2 |
| Pag-empleo ng mga bata na umabot na sa edad na 13 taong gulang ngunit hindi nakatapos ng ikatlong taon sa mataas na paaralan …….………………… | 2 |
| Mga sertipiko ng pagpasok sa paaralan ………………………..……………... | 3 |
| Mga dokumento na kailangang panatilihin ng isang maypatrabaho.…………. | 3 |
| Pag-empleo ng mga batang mang-aaliw ………………………..………..…… | 4 |
| Mga sala at multa ……………………………………..……...... ..............….... | 4 |
| Iba pang proteksiyon sa pag-empleo…..……………………..…………………. | 4 |
| Mga pagtatanong at sumbong ……………………………………....…………... | 4 |

## Panimula

Ang mga patakaran sa pag-empleo ng mga bata, na ginawa sa ilalim ng Kautusan ng Paggawa (Kap. 57), ay nagbabawal sa pag-empleo ng mga bata sa mga pang-industriya na gawain at nangangalaga sa pag-empleo ng mga bata sa mga hindi pang-industriya na gawain, upang hindi ito makasagabal sa kanilang pag-aaral.

Ang gabay na ito ay nagbabalangkas sa mga punong probisyon ng Kautusan upang makatulong sa mga maypatrabaho na maintindihan ang kanilang mga obligasyon ayon sa batas, at upang malaman ng mga bata ang mga nararapat para sa kanila ayon din sa batas na iyon ukol sa pangkalahatang kondisyon ng empleo. Kailangang bigyang pansin na ang Kautusan at ang mga patakaran nito lamang ang mananatili na tanging gabay para sa pagsasalin ng mga probisyon.

## Kahulugan ng “bata”

Ayon sa Kautusan ng Paggawa, ang “bata” ay tumutukoy sa tao na mababa pa sa edad na 15 taong gulang.

## Pangkalahatang pagbabawal sa pag-empleo ng mga bata

Walang tao ang maaaring mag-empleo ng isang bata sa alinmang pang-industriya na gawain. Ang mga bata na mababa sa edad na 13 ay ipinagbabawal din na tumanggap ng pagtatrabaho sa lahat ng sektor na pang-ekonomiya. Ang mga bata na edad 13 o paitaas ay maaaring bigyan ng trabaho sa isang hindi pang-industriya na mga kumpanya, sa ilalim ng kondisyon na sila ay patuloy na pumapasok sa paaralan kung sila ay di pa nakatapos sa ikatlong taon ng mataas na paaralan at ayon sa iba pang mga pagbabawal na ipinapaliwanag sa mga sumusunod na mga saknong.

Ang isang bata na nagtatrabaho sa anumang lugar ng pag-empleo, tumatanggap man ng suweldo o hindi, ay itinuturing na nagtatrabaho doon ayon na layunin ng mga patakaran.

Ang Mga Patakaran sa Pag-empleo ng Mga Bata ay hindi magagamit kaugnay sa mga bata na nakarehistro bilang mga manggagawang nagsasanay sa ilalim ng Kautusan ng Pagsasanay ng Manggagawa (Kap. 47)

## Pag-empleo ng mga bata na umabot na sa edad na 13 taong gulang at nakatapos ng ikatlong taon sa mataas na paaralan

Ang isang bata, na tumuntong sa edad na 13 pero mababa sa 15 taong gulang at nakatapos sa ikatlong taon ng mataas na paaralan, ay maaaring magtrabaho sa isang hindi pang-industriya na kumpanya sa ilalim ng mga sumusunod na mga pagbabawal:

(a) Ang kanyang magulang ay kinakailangang magpakita sa kanyang magiging amo ng katibayan na ang bata ay nakatapos na ng ikatlong taon sa mataas na paaralan;

(b) ang kanyang magulang ay may nakasulat na pagsang-ayon sa kanyang pag-empleo; at

(c) siya ay hindi maaaring bigyan ng empleo

- (i) bago mag-alas 7 ng umaga o pagkaraan ng alas 7 ng gabi;
- (ii) ng hihigit pa sa 8 oras sa alinmang araw;
- (iii) upang magtrabaho ng higit pa sa 5 oras na walang pahinga na di bababa sa 1 oras para sa pagkain o pamamahinga; at
- (iv) upang magbuhat ng anumang karga na higit pa sa 18 kilo.

## Pag-empleo ng mga bata na umabot na sa edad na 13 taong gulang ngunit hindi nakatapos ng ikatlong taon sa mataas na paaralan

Bukod pa sa mga kondisyong naitala sa itaas, ang mga sumusunod ay karagdagang mga pagbabawal na ipinataw para sa pag-empleo ng isang bata na nakaabot sa edad na 13 taong gulang ngunit hindi nakatapos ng ikatlong taon ng mataas na paaralan:

(a) Ang kanyang magulang ay kinakailangang magpakita sa magiging amo ng isang may bisa na sertipiko tungkol sa pagpasok ng bata sa paaralan;

(b) siya ay hindi maaaring bigyan ng empleo

- (i) sa mga oras na may klase sa alinmang araw na may pasok sa paaralan;
- (ii) sa panahon na may pasok sa paaralan ng higit sa;
  - 2 oras sa alinmang araw na may pasok sa paaralan, o
  - 4 oras sa iba pang araw;
- (iii) sa panahon ng bakasyon sa tag-init ng higit sa 8 oras sa alinmang araw; at

(iv) sa mga sumusunod na ipinagbabawal na mga trabaho o lugar

- sa alinmang mga paligid o lugar kung saan ang nakakalasing na inumin ay ibinebenta at iniinom,
- sa paghahawak ng basura sa mga pampublikong lugar,
- sa paghahawak o paghahatid ng mga delikadong mga kalakal,
- sa anumang delikadong makina na kinasasangkutan ng akto ng pagputol, paggiling, pagpagulong, pagpisa o pagdurog, at iba pa.,
- sa alinmang lugar ng sayawan, bilyaran o mga lugar ng pasugalan,
- sa alinmang lugar aliwan na pampubliko, maliban kung ang layunin nito ay hindi para kumita ng tubo,
- sa kusina ng alinmang hotel, bahay na paupahan, tindahan ng mga lutong pagkain, kapehan o karinderiya, at iba pa.,
- sa paglilinis ng panlabas na bintana na ang taas ay higit sa 3 metro mula sa lupa,
- sa alinmang lugar na katayan ng hayop,
- sa alinmang lugar na pagupitan ng buhok o lugar na nagbibigay ng masahe.

## Mga sertipiko ng pagpasok sa paaralan

Ang isang “sertipiko ng pagpasok sa paaralan” ay isang dokumento na ibinibigay ng puno ng paaralan, na nagbibigay katibayan na ang batang empleyado ay pumapasok sa paaralan. Kapag ang bata ay inalok na magtrabaho, ang kanyang magulang ay kailangang mag-aplay sa puno ng paaralan para sa sertipikong ito.

## Mga dokumento na kailangang panatilihin ng isang amo

Ang isang amo ng isang bata ay kinakailangang magpanatili at magpakita para sa pagsisiyasat ng Mga Inspektor ng Paggawa ng Kagawaran sa Paggawa ng mga sumusunod na mga dokumento hinggil sa bawa’t batang empleyado niya:

(a) isang nakasulat na pagsang-ayon galing sa magulang ng bata tungkol sa kanyang pag-empleo;

(b) katibayan ng pagtatapos ng bata sa ikatlong taon ng mataas na paaralan o isang may bisa na sertipiko ng pagpasok sa paaralan (o kopya nito); at

(c) isang tala ng batang empleyado (Pormularyo LD319).

## Pag-empleo ng mga batang mang-aaliw

Para sa pagpapaunlad ng sining at pagsasanay, ang Tagapamahala para sa Paggawa ay maaaring magbigay ng di pangkaraniwang permiso para sa mga bata ng anumang mga edad para mabigyan ng empleo bilang mga mang-aaliw, na sasailalim sa ilang mga pagbabawal na tutukuyin ng Komisyonado. Ang isang maypatrabaho na may balak na mag-empleo sa mga batang mang-aaliw ay kailangang mag-aplay sa Komisyonado sa pamamagitan ng pag-sulat bago mag-umpisa ang pagtatrabaho. Para sa mga detalye, maaari lamang na tingnan ang "Isang Gabay sa Pag-empleo ng Mga Batang Mang-aaliw."

## Mga sala at multa

Ang sinumang sumuway sa anumang probisyon ng Mga Patakaran sa Pag-empleo ng Mga Bata ay maaaring managot sa paglabag nito at maaring mapatawan ng pinakamataas na multa na mula $10,000 hanggang $50,000 kapag napatunayang nagkasala.

## Ibang proteksiyon sa pag-empleo

Ang mga probisyon sa ilalim ng Kautusan sa Paggawa ay magagamit sa isang batang empleyado ayon sa naangkop. Maaari lamang tingnan ang "Isang Maikling Gabay sa Kautusan sa Paggawa" para sa mga detalye.

## Mga pagtatanong at sumbong

Ang mga katanungan ukol sa Mga Patakaran sa Pag-empleo ng Mga Bata ay maaaring isangguni sa Hotline para sa Pagtatanong sa numero 2717 1771 (ang Hotline ay pinangangasiwaan ng "1823 Call Centre") o sa pamamagitan ng Kagawaran ng Paggawa sa pahina ng internet na http://www.labour.gov.hk.
Ang mga sumbong ay maaaring ipaalam sa aming 24-oras na Hotline Para sa Pagsumbong sa numero 2815 2200 o ipaalam na mismo sa Punong-himpilan ng Sangay ng Pagsisiyasat sa Paggawa, Kagawaran ng Paggawa sa 17/F Harbour Building, 38 Pier Road, Central, Hong Kong. Ang lahat ng mga sumbong ay bibigyan ng aksiyon na may mahigpit na pagtitiwala.